

Paano ako makakasali sa NDIS sa WA?

Unang hakbang



I-tsek ang mga Pangangailangan sa Pagiging Karapat-dapat

I-tsek ang mga Pangangailangan sa Pagiging Karapat-dapat

Subukan ang iyong pagiging karapat-dapat sa online: http://www.dsc.wa.gov.au/Am_I_Eligible/

O tumawag sa 1800 996 214; TTY (teletypewriter) 08 9426 9315

O kontakin ang tanggapan ng iyong Lokal na Koordinasyon (maaari kang tumawag sa 08 9489 8900 para sa mga detalye)

Ika-2 hakbang



Magbigay ng mga dokumento

Iuugnay ka sa isang Lokal na Koordineytor na susuporta sa iyo sa iyong pagsali sa NDIS. Aalamin nila ang pagiging karapat-dapat bago simulan ang proseso ng pagpapalano.

Kailangan mong magbigay ng karagdagang mga dokumento para dito katulad ng mga medikal na ulat, kopya ng iyong pasaporte o sertipiko ng kapanganakan at katibayan ng iyong tirahan katulad ng kasalukuyang Lisensiya sa Pagmamaneho o bayarin sa bahay (utility bill). Maaari kang humingi ng tulong sa isang tao para dito, katulad ng isang kaibigan, kapamilya o tagapagtaguyod.

Ika-3 hakbang



Pagpapalano ng Suporta

Habang naghihintay ka na makumpirma ang iyong pagiging karapat-dapat, maaaring naisin mo na kumontak sa mga organisasyong pinondohan upang magbigay ng karagdagang impormasyon ukol sa pagpapalano ng proseso o maaari kang makipag-usap sa iyong kasalukuyang mga tagapagbigay ng suporta para sa tulong.

Kabilang sa pinondohang mga organisasyon ang: Developmental Disability WA, Down Syndrome WA, Far North Community Service, Fremantle Multicultural Centre, Richmond Wellbeing, WAIS at WA Deaf Society (suportado ng Kagawaran ng mga Komunidad – Mga Serbisyong Pangkapansanan). Kung ikaw ay may diagnosis ng Kapansanang Autism Spectrum, maaari kang kumontak sa Asosasyon ng Autismo.

Ika-4 na hakbang



Pagsisimula ng pang-indibidwal na pagpapalano ng suporta

Kapag nakumpirma ang iyong pagiging karapat-dapat, makikipagtulungan sa iyo ang iyong Lokal na Koordineytor upang gumawa ng isang pang-indibidwal na planong pansuporta. Maaari kang humingi ng tulong sa isang tao para dito, katulad ng isang kaibigan, kapamilya, tagapag-alaga o tagapagtaguyod. Kapag naaprubahan, kadalasan ay ipinatutupad ang Pang-indibidwal na mga Plano para sa 12 buwan.

Suportado ng Kagawaran ng mga Komunidad (Mga Serbisyong Pangkapansanan)